

RESOLUSYON SA DEMOKRATIKONG PROSESO

SA PAG-ENDORSO NG PANGULO NG SEIU

Isinumite ng SEIU Lokal 1021

Kung saan: ang demokratikong tradisyon sa ating pagkilos sa trabaho ay itinatag sa mithiin na ang bawat tao at bawat boses ay may karapatan na marinig; at

Kung saan: ang lakas ng mga unyon ng mga manggagawa sa ating bansa ay nakadepende sa pakikipag-ugnayan ng mga miyembro sa mga pambansang kampanyang nagkakaisa, demokratiko, pinagkasunduan, at nakabatay sa koalisyon upang sulitin ang kapangyarihan ng paghahalal; at

Kung saan: mayroong krisis sa pamahalaan at pagboto, kung saan marami ang naniniwalang manipulado ang sistema, na hindi naririnig ang kanilang boses, at hindi nabibilang ang kanilang boto sa proseso ng paghahalal; at

Kung saan: patuloy na ginagamit ng mga miyembro ng Service Employees International Union sa buong bansa ang kanilang mga demokratikong karapatan at responsibilidad sa pamamagitan ng pagboto, pagkakampanya, at pagtaguyod sa kanilang mga sinusuportahang kandidato; at

Kung saan: ang institusyon ng unyon ay dapat magtiwala at makipag-ugnayan sa mga rank and file upang makipagtalakayan, makipagdebate, at magpasya sa kanilang pag-eendorso ng rekomendasyon para sa Pangulo ng United States sa pamamagitan ng demokratikong proseso na magbibigay-daan sa bawat miyembro na makaboto; at

Kung saan: kailangang ipakita ng unyon sa mga kandidato para sa Pangulo ng United States ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pananagutan sa mga manggagawa at sa ating mga pamilya, hindi lang sa pakikipag-ugnayan sa mga kandidato sa agenda na Unions for All, kundi sa pamamagitan ng paggawa ng proseso para sa pag-eendorso ng Pangulo ng United States na demokratiko, sumasaklaw sa lahat, at may pananagutan sa mga miyembrong rank-and-file;

Ngayon, samakatuwid, napagpasyahan na: hinihimok ng SEIU 1021 ang SEIU International na ipagpatuloy ang proseso nito sa politikal na edukasyon para sa mga miyembrong rank and file, na may kaugnayan sa mga posisyon ng pagkakandidato sa pagkapangulo, sa mga isyu ng mga manggagawa at komunidad; at

Samakatuwid, naapagpasyahan din: na hinihimok ng SEIU 1021 na bumuo ang SEIU International ng komite ng pagpapayo ng mga miyembrong rank and file mula sa buong

bansa, upang makagawa ng proseso ng pag-eendorso at timeline, at ng mga kinakailangang imprastraktura para sa direktang feedback ng mga miyembro sa mga pag-endorso para sa Pangulo ng United States sa 2024 at mga susunod na karera; at

Pahina 1 sa 2
v2020-07-09

Samakatuwid, napagpasyahan din: na hinihimok ng SEIU 1021 ang International Union na makipagtulungan sa mga Lokal upang bumuo ng sistema ng pakikipag-ugnayan sa mga miyembro kung saan makabuluhang maipapayahag ng lahat ng miyembro ang kanilang pinipiling kandidato para sa Pangulo ng United States sa 2024 at mga susunod na halalan; at

Samakatuwid, napagpasyahan din: na magtatatag ang SEIU Local 1021 ng panloob na komite ng pagpapayo ng mga miyembrong rank-and-file, na may malawak na pakikilahok ng lahat ng panrehiyon na komite ng COPE upang bumuo ng proseso na magbibigay-kaalaman at makikipag-ugnayan sa mga miyembro, at ng sistema kung saan makabuluhang maipapayahag ng mga miyembro ang kanilang pinipiling kandidato para sa Pangulo ng United States sa 2024 at mga susunod na karera.

